タガログ語

Sumali sa Samahan ng mga Residente para sa pag-papagawa ng kaaya-ayang Lungsod!

Para sa mga hindi kasama

Sa araw-araw nating pamumuhay, marami tayong problemang nararanasan na hindi kayang malutasan ng isang tao lamang, katulad ng problema sa basura, pamamahala ng kalsada at mga kanal, kaligtasan sa transportasyon, at mga panukala laban sa krimen.

Higit sa lahat, kinakailangan ang pakiki-isa ng bawat isang myembro ng lokal na komunidad at ang kagustuhang makipag-tulungan sa mga malalaking mga kalamidad katulad ng pag-lindol.

Ang Samahan ng mga Residente ay nag-tutulungan, nag-papalawak ng grupo ng pakikipag-ugnayan, at sama samang nag-sisigawa ng mga aktibidad para sa pag-lutas ng mga problema ng lungsod.

Sumali ka na rin sa Samahan ng mga Residente, at sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad, bakit hindi ka maging parte ng pag-papagawa ng kaaya-ayang lungsod.

Ang samahan ng mga residente ay…

Ang Samahan ng mga Residente ay naipatayo sa kagustuhan ng mga residenteng nakatira sa iisang lugar at may relasyon na mamuhay habang nag-tutulungan.

Sa lungsod ng Tsu, maraming myembro ang kasali sa Samahan ng mga Residente, at boluntaryang nakiki-isa sa pag-papagawa ng kaaya-ayang lungsod.

Ang pondo ng samahan ay galing sa bayad ng myembro, at sa tulong mula sa gobyerno ng lungsod. Ang pondo ay ginagamit para sa independent na pamamahala at pag-papatuloy ng mga aktibidad ng samahan.

Pag-pasok sa Samahan ng mga Residente

Sa mga papasok sa Samahan ng mga Residente, paki-contact ang presidente ng samahan sa lugar ng iyong tirahan.

Ang Samahan ng mga Residente sa lugar ng iyong tirahan ay ang

_____.

Hinihikayat naming kayo na maging parte ng samahan.

Para sa mga katanungan tungkol sa Samahan ng mga Residente:

Pangalan:

Tirahan:

Telepono:

Iilang Gawain ng Samahan

Ang sumusunod ay ang iilang aktibidad na ginagawa ng samahan, bilang layunin ang pag-papagawa ng kaaya-ayang lungsod.

Boluntaryang aktibidad para sa pag-iwas sa kalamidad

Pagkakaroon ng organisasyon para makapag-tulungan tuwing makakaranas ng kalamidad, na nagkakaroon ng pagsasanay para sa pag-likas at sa pag-gamit ng pamatay-apoy, pati na rin ang pag-lagay ng mga pamatay-apoy.

Pamamahala ng temporaryang estasyon ng mga basura at pagpapaganda ng paligid

Kasabay ng pag-pili ng lugar at pag-papapanatili ng temporaryang estasyon ng mga basura, isa rin sa mga aktibidad ay ang pag-linis ng mga kalsada at mga parke, pati na rin ang pag-papaganda ng kapaligiran.

Pagpapamigay at pagpapaikot ng mga pampublikong papel

Ang samahan ay nag-papamigay at nag-papaikot ng mga papel, gaya ng anunsyo mula sa samahan o mula sa rehiyon. Nag-papatayo rin ng board para sa mga posters at iba pang papel.

Pag-lagay at pagpapanatili ng mga ilaw para sa seguridad

Makakapag-lakad ka nang ligtas sa mga madidilim na daan sa gabi dahil sa mga ilaw para sa seguridad. Ang mga ilaw para sa seguridad na ito ay pinapalagay at pinapanatili ng samahan.

Aktibidad para sa ligtas na transportasyon at maiwasan ang krimen

Sa pamamagitan ng pag-papaikot ng impormasyon at pag-papatrol, maiiwasan ang malagim na aksidente sa kalsada at mga krimen, upang mabigyan ng kaligtasan ang lahat ng mga residente sa lungsod.

Aktibidad para sa pagkakaroon ng mabuting relasyon

Nagkakaroon rin ang samahan ng mga aktibidad na pang-kasiyahan katulad ng mga palaro, pyesta, at fieldtrip para sa pag-papanatili ng mabuti at magandang relasyon sa pagitan ng mga myembro ng samahan.

Aktibidad para sa kapakanang pampubliko

Para sa kapakanang pampubliko ng lungsod, nakikipag-kolaborasyon ang Samahan ng mga Residente sa konseho ng pampublikong kapakanan.

Pakikipagtulungan kasama ang iba pang samahang may kinalaman

Ang Samahan ng mga Residente ay nakikipag-tulungan o nag-bibigay ng tulong sa Samahan ng mga Bata, sa Samahan ng mga Matatanda, at iba pang samahan na may kinalaman.

Organisasyon ng Samahan ng Residente sa lungsod ng Tsu

- Asosasyon para sa Samahan ng mga Residente sa lungsod ng Tsu ·····Organisasyon para sa buong lungsod ng Tsu
- Sangay ng Samahan ng mga Residente sa lungsod ng Tsu ·····Organisado kada yunit ng dating munisipyo at bayan.
- Asosasyon para sa Samahan ng mga Residente kada school distrito · · · · · Organisado kadalasan kada yunit ng elemntaryang paaralan distrito.
- Samahan ng mga Residente kada yunit ·····Mayroong humigit kumulang 1,000 na Samahan ng mga Residente sa loob ng lungsod.
- Myembro (Mga Residente)